

LUNSOD NG SAN DIEGO Alkalde



TOM KNAPP

San Diego: Pinakamagandang Lunsod sa Amerika O ito nga ba?

San Diego, isang pangalang nangangahulugan ng magagandang dalampasigan, kahanga-hangang klima halos sa buong taon, ang San Diego Zoo, at ang magandang linya ng langit, ay kaugnay na ngayon ng masasamang desisyon at mga paratang ng katiwalian.

Ang kalderong ito ay halos walong taon nang kumukulo, at ito ay malapit nang sumabog. Ang hinaharap ng San Diego ay nakatakda na, at ito ay hindi isang magandang larawan. Ang lunsod ay maraming sira-sirang kalye at alkantarilya, isang sistema ng pagreretiro na kulang sa pondo, at populasyon na nagtataka kung paano nangyari ang lahat ng ito sa gitna ng paglago ng populasyon at pagtaas ng mga presyo ng mga bahay sa San Diego.

Tom Knapp: Alkalde para sa mga Tao ng San Diego

Buong buhay ko ay nakatira ako at nagtatrabaho sa San Diego at hindi nagugustuhan ang direksiyon ng ating Lunsod. Mahigpit akong makikipaglaban sa Tanggapan ng Lunsod upang gawin ang mga sumusunod:

- Lutasin ang badyet sa pamamagitan ng tamang paggamit ng mga pondo ng lunsod at pagputol ng pag-aaksaya.
- Magkaloob ng plano na titiyak na ang ating imprastruktura ay kinumpuni at/o pinalitan
- Makipagtulungan sa Sacramento sa mga isyung malaki ang epekto sa San Diego, tulad ng pagdagsa ng mga labag sa batas na mga dayuhan at pagpopondo ng paaralan